

“Gifu Prefecture Compliance Fund upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 (9th) Kaugnay sa Pagpapaikli ng Business Operating Hours” Implementation Outline

1. Layunin

Ang Compliance Fund ay ibibigay sa mga business operators na sumusunod ng lubos sa kahilingan na paikliin ang business hours sa buong panahon na hinihiling ng prepektura, upang makontrol ang pagkalat ng COVID-19 na lumalawak araw-araw.

2. Detalye ng Kahilingan, atbp.

Panahon ng Kahilingan	2022 Enero 21 (Biyernes) ~ 2022 Marso 6 (Linggo) 【buong 45 araw】 ※Posible rin tanggapin ang aplikasyon ng mga nagsimulang tumugon sa mga kahilingan mula noong Enero 22 (Sabado) at Enero 23 (Linggo).
Target area	Buong Gifu Prefecture
Target Business	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Restawran <ul style="list-style-type: none"> ※Restawran (kasama ang mga Izakaya), Coffee shops atbp. (hindi kasama ang delivery at take-out services atbp.) ※Ang Wedding Hall ay itinuturing na parang isang restawran ▪ Amusement facilities, atbp. <ul style="list-style-type: none"> ※mga bar, karaoke box atbp, na may business permit alinsunod sa Food Sanitation Law (hindi kasama ang mga pasilidad tulad ng internet at manga cafe na inaasahang gagamitin para sa long overnight stays.)
Detalye ng Kahilingan	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Ang Business Hours ay pinaikli ng 5:00 hanggang 20:00 ▪ Pagsususpende ng buong araw ng pagsisilbi ng alak (at pagdala sa loob ng customer) ▪ Iwasan na kumain sa iisang mesa ang higit sa 5 tao ng parehong grupo
Halaga	<ul style="list-style-type: none"> ※Ang mga sales lamang sa restawran ang dapat ilagay sa sales calculation. <ul style="list-style-type: none"> •Huwag isama sa calculation ang sales sa take-out ng pagkain at inumin, mga sales ng accommodation business, mga sales sa karaoke, atbp. ○Small at Medium scale Businesses (tutukuyin ang pang-araw-araw na gastos ayon sa daily average sales ng nakaraang taon o bago ang nakaraang taon). (tax excluded) <ul style="list-style-type: none"> •Business branches na may daily average sales na ¥75,000 o mas mababa pa sa nakaraang taon o taon bago ang nakaraang taon : ¥30,000/araw •Business branches na may daily average sales na ¥75,000~ ¥250,000 sa nakaraang taon o taon bago ang nakaraang taon: ¥30,000~ ¥100,000/araw { (average daily sales ng applicable year)×0.4 } •Business branches na may daily average sales na ¥250,000 or more sa nakaraang taon o taon bago ang nakaraang taon : ¥100,000/araw ○Large scale Business (Small/ medium businesses ay maaari din piliin ang kalkulasyon na ito) <ul style="list-style-type: none"> •Halaga ng decrease sa daily average sales x 0.4 (Maximum: “¥200,000”)

3. Requirements sa Aplikasyon

- Ang target facilities (parehong mga “third-party certified” facilities at “non-certified” facilities) ay mga restaurant, entertainment facility, atbp. na bukas mula 20:00 hanggang 5:00.
 - ✘Dapat mayroong necessary permits, atbp. para sa kinauukulang negosyo na valid sa buong panahon ng kahilingan.
 - ✘Dapat kayang mapatunayan, gamit ang mga dokumento o materyales, na alam ng publiko na ang negosyo ay bukas mula 20:00 hanggang 5:00.
- Kahilingan na paikliin ang business hours at pagsuspende sa buong araw ng pagsisilbi ng mga inuming nakalalasing (kabilang ang pagdadala ng mga customer)
 - ✘Business Operator na ganap na nakipagtulungan sa hinihiling na panahon at lugar (kabilang ang panahon na sarado sa buong araw sa panahon ng kahilingan).
 - ✘Ang ‘pagpapaikli ng business hours’ ay nangangahulugang “paghiling na isara mula 20:00 hanggang 5:00”. Gayunpaman, sa bawat kaso, ang huling araw ng bawat panahon ng kahilingan ay hanggang 24:00.
- Iwasan na kumain sa iisang mesa ang higit sa 5 tao ng parehong grupo
- Mapapatunayan na isang business operator at isang negosyo na bukas bago ang petsa ng pagsisimula ng kahilingan para sa pagpapaikli ng business hours at malinaw na makumpirma ang aktwal na sitwasyon ng tuluy-tuloy na operasyon ng negosyo.
 - ✘Mula sa kahilingan para sa pagpapaikli ng business hours noong 1st Wave (Abril 18, 2020), ang mga tindahan na boluntaryong nagpapaikli ng business hours para sa layuning pigilan ang pagkalat ng COVID-19 infection ay eligible din. (Hindi eligible kung hindi makumpirma ang management o operasyon ng negosyo sa loob ng mahabang panahon, gaya ng kalahating taon o higit pa)
 - ✘Kapag malinaw mula sa loob at labas na ang tindahan ay nag-ooperate. Kahit na matapos ang panahon ng kahilingan, maaari naming makumpirma na ang negosyo ay bukas sa isang malawak na hanay ng mga customer.
- Ang mga business branch ay matatagpuan sa target na munisipalidad sa loob ng Gifu Prefecture sa kahilingang panahon na binigay. Ang applicant ay tao na may awtoridad na magpasya ng business hours, business operation atbp, ng target na business branch.
- Sa kaso ng mga kainan at inuman na may entertainment (cabaret club, host club, atbp.), karaoke, at live house, dapat nakagawa at nagsumite ng Infection Prevention Measures Manual na nakumpirma.
- Bilang karagdagan sa mga paglabag sa kaugnay na batas at regulasyon o disposisyon ng Gobernador batay dito, dapat walang mali o panlilinlang sa lahat ng naging aplikasyon mula noong hanggang ngayon na “Compliance Fund” application.
 - ✘Ang mga duplicate na aplikasyon para sa parehong tindahan, hindi alintana kung ito ay isang korporasyon o isang indibidwal, ay maaaring panlilinlang at maaaring hindi mabayaran.
- Dapat walang sinuman sa mga namamahala ng negosyo ay miyembro/ konektado sa criminal gang/ organization (*boryokudan*).
- Mga tindahan na tinaggap ng Gobernador na ang impeksyon ng bagong COVID-19 ay kumalat dahil sa hindi sapat na mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon tulad ng paglitaw ng COVID-19 clusters sa panahon ng kahilingan dahil sa mga priyoridad na hakbang tulad ng pag-iwas

sa pagkalat, at iba pang mga tindahan.

- Sumunod sa "Mga Behavior Guidelines for Living Through COVID-19 Society" para sa pag-iwas ng impeksyon.
- Sa oras ng aplikasyon, ang National at Prefectural Government ay hindi dapat magbigay ng anumang mga benefits o subsidies na ipinagbabawal na simultaneous payment.(halimbawa: Gifu Prefecture Omicron Strain Special Support Funds, atbp.)

4. Application Period

2022 Marso 7 (Lunes) hanggang 2022 Mayo 6 (Biyernes)

- Ang aplikasyon na post-marked ng 2022 Mayo 6 (Biyernes) ay valid.
- Tandaan na hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na lumagpas sa deadline.

5. Para sa mga Katanungan sa Compliance Fund (9th)

Gifu Prefecture Compliance Fund upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 (9th)
Consultation Counter (Call Center)

TEL : 058-272-8192 (9:00AM hanggang 17:00PM)

I-check ang homepage ng Gifu Prefecture para sa iba pang mga detalye
(wikang Hapon lamang).

<https://www.pref.gifu.lg.jp/site/covid19/196002.html>